



**SAN FRANCISCO
BOTANICAL
GARDEN**

FRIEND (HILAGANG) GATE

magnificent **MAGNOLIAS** MGA TAMPOK SA PAMAMASYAL SA 2025

Humanga sa mga tanawin at halimuyak ng mga sanga ng higit sa 200 eleganteng puno, habang lumilitaw ang mga malasutlang pilak na usbong at kulay-rosas, puti, at magenta na kasinglaki ng platito na bulaklak sa palaging kamanghang-manghang taunang pamumulaklak na ito sa Botanical Garden.


Ang mga *Magnolia* na matatagpuan lang sa Asia at mga kontinente ng America (New World) ay mga sinaunang namumulaklak na puno na minahal ng mga tao sa loob ng libo-libong taon. Dito sa malamig at mahamog na San Francisco, nililina namin ang mga species mula sa karamihan ng kanilang hanay, mula sa kagubatan ng Himalayas, kung saan maulan dahil sa monsoon at na may katamtamang klima, hanggang sa maulan na kagubatan (cloud forest) ng Mesoamerica.

Sa iyong pagbisita, tiyaking huminto sa Bookstore at Plant Shop ng Garden para sa mga espesyal na item ng Magnolia.

Nasisiyahan sa mga Magnolia? Ipagpatuloy ang pamamasyal sa Gardens of Golden Gate Park! Simulan ang pamamasyal sa Conservatory of Flowers at maranasan ang mapayapang Japanese Tea Garden sa pamamagitan ng Garden Pass, na nag-aalok ng walang limitasyong pagbisita sa Gardens sa loob ng tatlong araw sa may-diskwentong presyo! Bumili sa site o online ngayon.

Bisitahin ang website para sa kumpletong listahan ng mga programa at kaganapan bilang pagdiriwang sa kahanga-hangang pamumulaklak na ito!

PANGUNAHING GATE gggp.org



MGA SPONSOR NG MAGNOLIA SEASON SA 2025

Bonnie Demergasso
Kennedy Foundation
Delle Maxwell at
Patrick Hanrahan
5Ryan Foundation
Susan Zetzer

Joan Cooke at Robert Lafore
Carol Izumi at Frank Wu
Joan at Robert Klivans
Mga Media na Sponsor
KQED
San Francisco Chronicle
San Francisco Magazine

1. *Magnolia laevifolia* 'Strybing Compact'
2. *Magnolia campbellii* 'Darjeeling'
3. *Magnolia dawsoniana*
4. *Magnolia sharpii*
5. *Magnolia macrophylla* var. *dealbata*
6. *Magnolia liliiflora*
7. *Magnolia × soulangeana* 'Rustic Rubra'

8. *Magnolia campbellii*
9. *Magnolia denudata*
10. *Magnolia campbellii* 'Strybing White'
11. *Magnolia doltsopa*
12. *Magnolia* 'Royal Crown'
13. *Magnolia × alba*
14. *Magnolia × veitchii*

15. *Magnolia campbellii* 'Late Pink'
16. *Magnolia grandiflora* 'Russet'
17. *Magnolia sprengeri*
18. *Magnolia zenii*
19. *Magnolia amoena*
20. *Magnolia stellata* 'Rosea'

TUNGKOL SA KOLEKSYON NG KAHANGA-HANGANG MAGNOLIA GARDEN

Noong taglamig ng 1940, ginawa ang hortikultural na kasaysayan sa bagong bukas na San Francisco Botanical Garden nang ang kakaibang cup and saucer magnolia (*Magnolia campbellii*) ang naging una sa uri nito na namumulaklak sa Estados Unidos. Napakaraming tao na kinabibilangan ng mga nasasabik at mausigang bisita ang nakatayo sa mahahabang pila para makita ang nakamamangha, malalaki, at pink na bulaklak ng sikat na *Magnolia* na buhay pa rin sa Garden ngayon (mapa #8). Pero simula pa lang ito. Ang Garden ay tahanan na ngayon ng higit sa 200 *Magnolia*—marami sa mga ito ang binira at makasaysayan. Kasama sa kasalukuyang koleksyon ng Garden ang 55 species, 41 cultivar, at 6 na hybrid. Magbasa pa tungkol sa mahahalagang specimen ng Garden at masiyahan!

1 *Magnolia laevifolia* 'Strybing Compact' – Ang cultivar na ito ng *Magnolia laevifolia* ay napili rito sa San Francisco Botanical Garden dahil sa compact na anyo nito. Habang ang 'Strybing Compact' ay mas parang palumpong (shrub-like), maaaring lumaki ang wild na *Magnolia laevifolia* nang hanggang 3 metro ang taas.

2 *Magnolia campbellii* 'Darjeeling' – Inaakala ng marami na ito ang pinakamangha-mangha sa lahat ng *Magnolia* na namumulaklak sa Garden, pinaparami ang Himalayan na seleksyon na ito mula sa isang puno sa Lloyd Botanic Garden sa Darjeeling, India. Iinhahandog nito ang mga kahanga-hangang matingkad na kulay-rosas na bulaklak na umusbong sa mga sangang walang dahon para sa isang dramatikong display.

3 *Magnolia dawsoniana* – Ang nanganganib nang maubos na *Magnolia* na ito mula sa China ay ipinangalan sa unang superintendiyente ng Arnold Arboretum ng Harvard University na si Jackson Thornton Dawson. Mayroon itong malalaking kulay-rosas na bulaklak na nalalagas kapag nagtagal at parang mga watawat na sumasayaw sa ihip ng hangin.

4 *Magnolia sharpii* – Matatagpuan ang nanganganib nang maubos na *Magnolia* na ito sa limang lokasyon lamang sa cloud forest ng Chiapas, Mexico. Nanganganib na ang limitadong likas na kapaligiran nito dahil sa mga gawain ng tao tulad ng pagpuputol ng puno at agrikultura.

5 *Magnolia macrophylla* na uri ng *dealbata* – Karaniwang tinatawag na bigleaf magnolia, ang halamang ito na likas sa Mexico ay angkop sa kanyang pangalan, dahil maaaring umabot nang hanggang 30 pulgada ang haba ng malalaking dahon nito. Kulay-krema ang mga bulaklak na may bahagyang matamis na amoy. Isa ito sa ilang magnolia sa Garden na karaniwang namumulaklak sa mga buwan ng tag-init.

6 *Magnolia liliiflora* – Likas sa China, ang compact, bilugan, mapalumpung, at deciduous na *Magnolia* na ito ay karaniwang lumalaki hanggang 8 hanggang 12 talampakan ang taas at ganoon din ang lapad. Ang mga lilang-rosas na bulaklak na hugis-kopa o lily na nito ay lumilitaw sa panahon ng tagsibol, o ilang sandali bago ang pagtubo ng dahon. Ang partikular na epithet na *liliiflora* ay nagpapakitang parang lily ang mga bulaklak nito.

7 *Magnolia × soulangeana* 'Rustica Rubra' – Noong 1820, na-cross-pollinate ni Etienne Soulangue-Bodin ang *M. denudata* sa *M. liliiflora* para makagawa ng napakasikat na *M. × soulangeana*. Simula noon, nagkaroon ng maraming seleksyon mula sa hybrid na nagresulta sa maraming iba't ibang cultivar kabilang ang 'Rustica Rubra', isang Dutch clone na pinalaki sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na siglo sa Boskoop. Ang mga mapula-pulang purple na bulaklak, kulay-rosas na puti sa loob, ay nagtatampok ng klasikong hugis ng kopita.

8 *Magnolia campbellii* – Ang indibidwal na ito ay ang pinakauna sa uri ng *Magnolia campbellii* na namumulaklak sa Estados Unidos. Itinanim ito noong 1924 sa Garden ng unang Direktor ng Garden, na si Eric Walther, at una itong namulaklak pagkaraan ng 17 taon noong 1940. Karaniwang tinatawag na cup and saucer na magnolia, ang bulaklak na ito na likas sa Himalayas ay may malalaki at mababangong bulaklak na maaaring may magkakaibang kulay mula sa puti hanggang sa mga kulay ng liwanag hanggang sa matingkad na kulay-rosas.

9 *Magnolia denudata* – Ang *M. denudata* ay ang may pinakamahabang kilalang kasaysayan ng pagpapahusay sa mga magnolia, mula pa noong Dinastiyang Tang (618 C.E.). Tinatawag na "yulan" o "jade orchid" ng mga Chinese, ang katangi-tangi at purong puting bulaklak nito ay ipinagmamalaki sa sinaunang mga burda, balumbon, at porselana ng mga Chinese sa mga tanawin sa kanayunan. Ito ang unang species ng *Magnolia* mula sa Silangan na ipinakilala sa kanlurang mundo nang dalhin ito mula sa China patungong England noong 1780.

10 *Magnolia campbellii* 'Strybing White' – Ang pinakamalaking *Magnolia* sa Garden, ang 'Strybing White' ay may taas na mahigit 80 talampakan. Ang espesyal na puting anyo na ito ay lumago mula sa binhi na binili sa India noong 1934, pinarami sa Nursery ng Golden Gate Park, at itinanim dito noong 1940.

ANG PAGBABAHAGI AY PAGMAMALASAKIT

Kumuha ng ilang magagandang larawan ng magnolia? I-tag kami at i-share gamit ang #magnificentmagnolias para sa pagkakataong maitampok sa account ng Garden!

Sa social media din kami nagbabahagi ng mga pinakabagong update sa pamumulaklak, i-follow kami sa **Instagram** (@sfbotanicalgarden), **Facebook** (@sfbotanicalgarden), at **Twitter** (@SFBGS).

BOOKSTORE AT TINAHAN NG HALAMAN

Tangkilikin ang mga espesyal na item ng *Magnolia* sa Bookstore ng Garden. Bumili ng halaman sa Plant Shop at iwiw ang Garden sa bahay!

TUNGKOL SA SAN FRANCISCO BOTANICAL GARDEN

Ang San Francisco Botanical Garden ay isang buhay na museo sa loob ng Golden Gate Park, na nag-aalok ng 55 acre ng parehong naka-landscape na hardin at maluluwang na lugar, na nagpapakita ng 8,000 iba't ibang uri ng mga halaman mula sa buong mundo.

TUNGKOL SA GARDENS OF GOLDEN GATE PARK

Ang Gardens of Golden Gate Park ay isang pampubliko/pribadong pagtutulungan sa pagitan ng San Francisco Recreation & Park Department at ng San Francisco Botanical Garden Society (isang non-profit na organisasyong 501 c3 na nagnenegosyo bilang "Gardens of Golden Gate Park") para sama-samang patakbuhan ang Conservatory of Flowers, Japanese Tea Garden, at San Francisco Botanical Garden.

11 *Magnolia doltsopa* – Ang isang evergreen na *Magnolia*, na karaniwang pinapangalanang "sweet michelia" ay unang inilarawan malapit sa Kathmandu, Nepal noong 1803. Ang mga napakabangong puting bulaklak ay may humigit-kumulang 6 na pulgada ang lapad, na bumubukas mula sa mga malasullang kayumangging usbong. Madalas na tinatanim bilang isang puno sa Bay Area ang species na ito.

12 *Magnolia* 'Royal Crown' – Pinili mula sa mga punla na itinanim sa Santa Cruz ng tagapagtatag ng *Magnolia Society* na si Mr. D. Todd Gresham noong 1955 na may mga pagsisikap na naglalayong makabuo ng mga hybrid na nakakaangkop sa California. Ang *M* 'Royal Crown' ay naging hybrid mula sa cross-pollination ng *M. liliiflora* at *M. × veitchii*, pinili ang dalawang magulang para sa kanilang kakayahang mamulaklak nang maaga at para sa kanilang napakatingkad na kulay at tibay. Maaaring lumaki ang mga bulaklak nang hanggang 10 pulgada kapag ganap na pinalawak.

13 *Magnolia × alba* – Binubuo ng dalawang species mula sa Asia ang hybrid na ito, ang *M. champaca* at *M. montana*. Isa itong maganda at subtropikal na puno na may mga bulaklak na malindi ang amoy kung saan ang katas nito ay ginagamit bilang pangunahing sangkap sa ilan sa mga pinakamahal na pabango sa mundo.

14 *Magnolia × veitchii* – Ang *M. × veitchii* ay isang deciduous magnolia, ibig sabihin ay pana-panahong nawawala ang mga dahon nito. Isa itong cross-pollination ng *M. campbellii* at *M. denudata*, at orihinal na ginawa ni Robert Veitch noong 1907. Pinili ang mga magulang na halaman dahil sa kagandahan ng kanilang mga pamumulaklak at pangkalahatang tibay.

15 *Magnolia campbellii* 'Late Pink' – Ipinakilala sa Garden mula sa binhi na binili noong 1934 mula sa G. Ghose and Co. sa Darjeeling, India, ang pangalang 'Late Pink' ay naglalarawan kung paano lumilitaw ang mga bulaklak ng *Magnolia* na ito pagkalipas ng 2 hanggang 4 na linggo kaysa sa ibang specimen ng *M. campbellii* sa aming koleksyon.

16 *Magnolia grandiflora* 'Russet' – Ang evergreen na *Magnolia* na ito na halamang likas sa timog-silangang Estados Unidos ay kapansin-pansin sa kaakit-akit at matitingkad na berdeng dahon at sa malalaki at napakabangong bulaklak nito. Ang partikular na epithet *grandiflora* ay mula sa Latin na nangangahulugang "malalaking bulaklak." Sa katunayan, maaaring lumaki ang mga bulaklak nang hanggang labindalawang pulgada ang lapad.

17 *Magnolia sprengeri* – Ang deciduous na species ng *Magnolia* na ito ay halamang likas sa mga kagubatan sa gitnang China, kung saan ang mga mature na specimen ay natagpuang lumalaki sa taas na 21 metro. Lumilitaw ang kulay-rosas nitong mga bulaklak bago lumabas ang mga dahon at mayroon itong kaaya-ayang halimuyak.

18 *Magnolia zenii* – Ang pinakabihirang *Magnolia* sa Garden at ini-red list ng IUCN bilang halaman na lubhang nanganganib na maubos, ilang dosena na lang sa mga halamanang ito ang natagpuan noong unang inilarawan ang species sa China noong 1931. Noong 2014, 18 indibidwal lang ang kilalang lumaki sa kagubatan sa hilagang dalisdis ng Mount Baohua, kung saan protektado sila ng isang botanical reserve.

19 *Magnolia amoena* – Unang inilarawan ang species na ito mula sa nag-iisang natagpuan sa Mt. Hwang ng China noong 1933. Ang pangalan ng species na *amoena* ay Latin para sa maganda o kaaya-aya. Ang partikular na punong ito ay isang regalo mula sa Shanghai Botanical Garden, na ipinakilala sa Garden ng dating Mayor na si Diane Feinstein noong 1982.

20 *Magnolia stellata* 'Rosea' – Ang pangalan ng species na *stellata* ay nangangahulugang bituin. Karaniwang puti na may makitid na mga petal na nagniningning na parang bituin ang species ng bulaklak na ito, ang cultivar nito na 'Rosea' ay may mababangong kulay rosas na bulaklak.

MAGING MIYEMBRO

Suportahan ang Gardens of Golden Gate Park at tamasahin ang magagandang benepisyo sa buong taon:

Libreng pagpasok (nang may kasama) sa lahat ng tatlong hardin—Conservatory of Flowers, Japanese Tea Garden, at San Francisco Botanical Garden

• Pagsasaluhang pagpasok (reciprocal admission) sa mahigit 360 hardin sa buong bansa

• 10% diskwento sa Plant Shop at Bookstore

• Mga may-diskwentong ticket at pre-sale para sa mga sikat na programa tulad ng Garden Camp at Holiday Wreath Making

• At marami pa!

Espesyal na Alok para sa mga Bagong Miyembro! Sumali ngayon hanggang Marso 31 at makatanggap ng libreng halaman (\$15 na halaga) sa Plant Shop.

Matuto pa sa [sgggp.org/membership](https://www.sfbg.org/membership).

Hanapin ang **MGA KULAY ROSAS NA KARATULA** sa Garden para matukoy ang mga nakatampok na halaman. Maaari mo ring i-scan ang mga QR code sa karatula para sa karagdagang impormasyon at mga larawan.



TINGNAN ANG MGA KAHANGA-HANGANG MAGNOLIA SA IYONG SMARTPHONE

NARITO KUNG PAANO:

1. Buksan ang camera app ng iyong smart phone
2. Itutok ang camera ng telepono sa QR code sa may-numerong pink na label
3. I-tap ang link na lalabas sa screen
4. Matuto pa tungkol sa bawat iitinatampok na *Magnolia* sa Garden Explorer.

